

# Patnubay para sa Magulang sa Pagsubaybay sa Nakasalamuna – Ano ang Aasahan

## Ano ang pagsubaybay sa nakasalamuha?

- Ang pagsubaybay sa nakasalamuha ay isang paraan upang makilala ang mga taong nakipagsalamuha sa isang taong nasuring positibo sa isang sakit - tulad ng tigdás, tuberkulosis, at COVID-19 - na maaaring mailpat sa iba.
- Ang prosesong ito ay ginamit sa Santa Clara County at sa buong mundo sa matagal na panahon upang maiwasan ang pagkalat ng mga impeksyon.

### Step 1

Kapag ang isang estudyante o guro ay nasuring positibo sa COVID-19, ang kanilang pangalan at contact information ay ibibigay sa lokal na Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan.

### Step 2

Tatawagan ng kawani ng Pampublikong Pangkalusugan ang magulang o guro upang tulungan silang matandaan ang bawat isa sa parehong **matatag na pangkat** na kinabibilangan ng taong positibo sa COVID, o kung sino ang **nakasalamuha ng malapitan** ng estudyante/guro (sa paaralan, bahay, o sa komunidad) at sino ang maaaring nalantad sa virus.

**Nakasalamuha ng Malapitan**=Kahit sino na malapit sa isang taong positibo sa COVID (sa loob ng **anim na talampakan ng higit sa 15 na minuto**) sa oras na sila ay nakakahawa at maaaring makapasa ng COVID-19.

**Matatag na Pangkat**=Isang pangkat ng mga bata/kabataan at kanilang guro/coach, na nananatiling magkasama para sa lahat ng mga aktibidad (hal., pagtuturo, suporta, pagkain, libangan, atbp.) at umiiwas sa pakikipagsalamuha sa iba sa labas ng kanilang pangkat habang nasa sitwasyon na iyon.

### Step 3

**Tagapagsubaybay ng Nakasalamuha** (nagtatrabaho sa ngalan ng Pampublikong Pangkalusugan) ay makipag-ugnay sa mga nakasalamuha na estudyante/guro upang magrekomenda ng mga susunod na hakbang (tulad ng pagsubaybay sa mga sintomas, pagpapasuri at pagpapanatili sa pagkuwarantina).

**Tandaan:** Ang inyong impormasyon o ng inyong anak ay protektado alinsunod sa confidentiality laws.(17 CCR 2502(f))

### Step 4

Ang mga nakasalamuha ay binibigyan ng impormasyon at suporta upang:

- Maunawaan ang panganib ng COVID-19 at kung paano kumakalat ang impeksyon
- Kailan at paano magpasuri
- Paano paghiwalayin ang kanilang sarili upang maprotektahan ang iba na hindi nalantad (kuwarantina)
- Paano subaybayan ang mga sintomas at kung ano ang gagawin kung mayroon silang mga sintomas
- Paggamit ng mga serbisyong sumusuporta sa komunidad para sa pagbubukod at pagkuwarantina.

\* BAGO-Ang mga indibidwal na ganap na nabakunahan ay maaaring hindi kinakailangan na magkuwarantina kung natutugunan nila ang ilang mga kondisyon. Tingnan ang [sccstayhome.org](http://sccstayhome.org) para sa karagdagang impormasyon.

